# FENTANYL SA COUNTY NG LOS ANGELES

Sa County ng Los Angeles, ang mga pagkamatay ng mga kabataan dahil sa overdose mula 2019 hanggang 2020 ay nadoble (sa panahon ng pandemya ng Covid-19), at noong 2021, natukoy ang fentanyl sa halos 77% ng mga pagkamatay ng kabataan sa overdose sa buong bansa. Nakakaranas kami ng pinakamasamang krisis sa overdose sa kasaysayan ng County ng Los Angeles. Kabilang sa mga kamakailang lokal na trahedya ang tatlong kabataan ng County ng Los Angeles na nag-overdose sa MDMA na kontaminado ng fentanyl noong Mayo 2022. Noong Setyembre 13, 2022, natagpuang patay sa campus ang isang 15 taong gulang na estudyante ng Mataas na Paaralan ng Bernstein sa Hollywood pagkatapos inumin ang tabletang naglalaman ng fentanyl. Mayroong hindi bababa sa 7 naiulat na overdose ng iba pang kabataan sa County ng Los Angeles.

Maaaring matagpuan ang fentanyl sa loob ng mga pekeng tableta at iba pang mga ipinagbabawal na gamot sa loob ng County ng Los Angeles at nagdudulot ang presensya ng fentanyl ng mataas na rate ng overdose at kamatayan. Ang senaryo ng mga pagkamatay sa overdose ay hindi na pangunahin sa mga taong regular na gumagamit. Dahil sa fentanyl, nakikita namin ang mga taong nag-o-overdose at namamatay sa unang beses na sumubok sila ng ipinagbabawal na sangkap o pekeng tableta.

## Ano ang fentanyl?

Ang Fentanyl ay opioid na bawal na ipinagbibili pero maaari ding ihalo sa mga ipinagbabawal na sangkap. Kapag ininom ito ng isang taong walang panlaban sa mga opioid, ang fentanyl ay maaaring mabilis na magdulot sa isang taong huminto sa paghinga at mamatay. Ang Fentanyl ay 50 beses na mas malakas kaysa sa heroin at 100 beses na mas malakas kaysa sa morphine. Ipinahayag ng DEA na naniniwala silang 100% ng pekeng tabletang ibinebenta online ay naglalaman ng fentanyl.

## Ano ang ginagawa nito?

Gumagana ang Fentanyl sa mga opioid receptor sa utak para bawasan ang pananakit sa buong katawan, pero maaari din itong magbigay sa mga tao ng euphoric na pakiramdam, pagkalito, pagtahimik, pagkaantok, pagkahilo, paninigas ng dumi, at pagduduwal, at maaaring bawasan ang iyong rate ng paghinga.

## Bakit napakadelikado nito?

Ang Fentanyl ay mas malakas kaysa sa iba pang mga opioid, kahit na kakaunti lang. Ang ilang butil ng fentanyl ay maaaring magdulot ng pagkamatay sa overdose, at dahil ito ay walang kulay at walang amoy, mahirap itong matukoy nang hindi sinusubukan.

## Bakit ito inilalagay sa ibang mga tableta o gamot?

Ang Fentanyl ay napakamurang gawin at kapag inihalo sa iba pang mga sangkap (tulad ng MDMA, cocaine, heroin, methamphetamine) at inilagay sa mga pekeng tableta (mga ipinagbabawal na opioid na tableta para sa sakit tulad ng oxycodone, morphine, Norco, Vicodin), maaari nitong pataasin ang potency at euphoria.

**Paano natin malalaman kung ang isang bagay ay may fentanyl?**

Walang makakapagsabi kung ang isang tableta o gamot ay naglalaman ng fentanyl sa pamamagitan ng pagtingin o pag-amoy dito. Maaaring gamitin ang mga test strip ng fentanyl na nabibili online pero hindi nila ipapakita kung gaano karaming fentanyl ang nasa loob nito o kung gaano ito kabisa. Mura mo lang mabibili ang mga iyon online sa: BTNX, Dose Test, Dance Safe, Wisebatch, or TACO.

**Paano mo maiiwasan ang mga pagkamatay sa overdose?**

Ang narcan/naloxone ay gamot na nakakapagligtas ng buhay na nagbabaligtad ng overdose sa opioid. Maaari itong ibigay sa pamamagitan ng spray sa ilong o intramuscular na iniksyong magpapanumbalik sa normal na paghinga ng isang taong nag-overdose sa opioid at huminto sa paghinga. Maaaring humiling ang mga Residente ng County ng Los Angeles sa kanilang mga healthcare provider ng reseta para sa naloxone. Bukod pa rito, maaaring magbigay ang ilang parmasya ng naloxone, at available online ang isang listahan ng mga kalahok na parmasya dito. Bilang panghuli, maaaring bumisitaang mga residente ng County ng Los Angeles sa http://www.LAodprevention.org para sa listahan ng mga online na mapagkukunan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng sangkap, pag-iwas, at paggamot, bisitahin ang www.RecoverLA.org.